
WEEK 2

# Gawaing Pangkaligtasan sa Kalsada

Aralin

I

Sa nakaraang aralin ay nalaman mo kung paano maging ligtas sa kalsada. Sa araling ito ay inaasahang malalaman mo ang mga gawaing pangkaligtasan sa kalsada. Pag-aralan ang larawan.



Sa araw araw, marami sa atin ang nakararanas ng paglalakad, maging ang pagtawid kung kinakailangan upang tayo ay makapunta sa nais nating puntahan. Ito ay maaaring pagpasok sa paaralan, pagtatrabaho, pagpunta sa palengke o sa simbahan, pamamasyal, atbp.

Basahin ang maikling kuwento.

## Ang Kuya Ko

Ako si Ana, siyam na taong gulang. Mayroon akong kapatid. Siya si Kuya Ben. Siya ay 23 taong gulang. Siya ay halos dalawang taon nang nagtatrabaho sa Jollibee sa Antipolo City habang siya ay nag-aaral sa University of Rizal System-Morong.

Madaling araw pa lamang ay gising na siya, hindi upang pumasok sa paaralan ngunit para tulungan ang aming ina sa pagluluto, paglalaba, at iba pang gawaing bahay. Pagkatapos nito, siya ay naghahanda na para sa kaniyang pagpasok sa trabaho. Sa gabi naman ay pumapasok siya sa online class.

LIVEWORKSHEETS

Sa kaniyang araw-araw na pagpasok sa trabaho, siya ay sumasakay sa dyipni, naglalakad patungo sa tamang tawiran. Hindi niya nakakalimutan na tumingin sa kaliwa at kanang bahagi ng kalsada bago tumawid. Tinitingnan muna niya at pinakikinggang mabuti ang mga paparating na sasakyan. Laging siyang tumitingin sa ilaw trapiko. Kapag kulay berde na ito ay saka pa lamang siya tumatawid hanggang sa makarating siya sa lugar kung saan siya nagtatrabaho. Siya ang aking kuya na sa tuwina'y naipakikita ang pagiging masunurin lalo na sa batas trapiko. Umuuwi siyang ligtas sa aming tahanan.


Gagayahin ko si Kuya. Tatandaan ko ang mga gawaing pangkaligtasan sa kalsada upang maiwasan ko ang anumang sakuna o aksidente.


## Pagsasanay 1:

Lagyan ng tsek (✓) ang kahon sa ibaba ng larawan na nagpapakita ng gawaing pangkaligtasan sa kalsada.

1.










2.









3.




LIVEWORKSHEETS

**Pagsasanay 2:** Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang salitang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng gawaing pangkaligtasan sa kalsada at **MALI** naman kung hindi.

_______ 1. Naglalakad paharap sa daloy ng trapiko.

_______ 2. Sumunod sa batas trapiko.

_______ 3. Gumagamit ng pook tawiran para sa mga tumatawid.

_______ 4. Tumatawid sa tamang tawiran.

_______ 5. Laging alerto kung nasa kalsada.

_______ 6. Tumitigil sa gitna ng kalsada para maglaro.

_______ 7. Nakikipagtulakan sa kasama habang tumatawid.

_______ 8. Tumawid kung kulay berde ang ilaw trapiko.

_______ 9. Tumingin sa kaliwa at kanang bahagi ng kalsada bago tumawid.

_______ 10. Pakinggan muna ang ugong ng sasakyang paparating bago tumawid.

## A

Kompletuhin ang pangungusap sa ibaba.

Mahalagang sumunod sa mga gawaing pangkaligtasan sa kalsada upang ______________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________.

LIVEWORKSHEETS